

LAYUNIN: Nagbibigay ng tulong ukol sa paunang bayad sa mga pautang para sa mga karapat-dapat, panggitnang-kita, unang beses na mamimili ng bahay upang pangasiwaan ang pagbili ng mga bahay na tinitirhan ng may-ari sa Alameda County.

KARAPAT-DAPAT NA MGA MAMIMILI

- Kailangang “unang beses” na mamimili ng bahay na hindi pa nagmamay-ari ng isang tirahan sa loob ng 3 taon.
- Kailangang nakatira o nagtrabaho sa Alameda County o naalis mula sa Alameda County sa loob ng 10 taon.
- Ang kita ng buong samabahayan ay hindi hihigit sa 120% ng Area Median Income (AMI), at mga pag-aari ng sambahayan na madaling ipalit sap era ay hindi lalamapas ng \$300,000 (hindi sakop ang hindi-magagamit-na-pera kagaya ng pension o (mga) account sa 401(k)
- Dapat na magbigay pera para sa paunang bayad na hindi bababa sa 3% o hindi hihigit sa 50% ng presyo ng pagbili. Kailangang maging karapat-dapat para sa unang lagak na kahit 50% ng presyo ng pagbili.
- Kailangang nakumpleto at nakakuha ng sertipikasyon para sa edukasyon ng mga mamimili ng bahay.

KARAPAT-DAPAT NA MGA TAHANAN

- Ang mga tirahan para sa iisang pamilya sa Alameda County, kasama na ang mga condo, mga townhome, mga loft at tira/trabaho na mga yunit.
- Kailangan na natirhan ng mga tiyak-na-may-ari o bakante sa loob ng 90 mga araw bago magsara, maliban na lang kung ang nangungupahan ng pag-aari ang mamimili.
- Kailangan na matirhan ng tiyak-na-may-ari na siyang bumili bilang pangunahing lugar ng tirahan sa soob ng 60 mga araw matapos mabili.

PAUTANG at mga LIMITASYON SA KITA

- Ang mga mamimili ay kumikita ng mas mababa sa 100% AMI (Area Median Income) at mayroong \$150,000 na limitasyon sa pautang.
- Ang mga mamimili na kumikita sa pagitan ng 100% at 120% AMI at mayroong \$100,000 na limitasyon sa pautang.
* ang mga limitasyon sa kita ay epektibo mula June 1, 2018 at maaaring mabago sa taunang batayan

Sukat ng Sambahayan	1	2	3	4	5	6	7	8
100% AMI*	\$73,100	\$83,500	\$93,950	\$104,400	\$112,750	\$121,100	\$129,450	\$137,800
120% AMI*	\$87,700	\$100,250	\$112,750	\$125,280	\$135,300	\$145,350	\$155,350	\$165,400

MGA NATATANGING NAPILING MGA TUNTUNIN NG PAUTANG

- Walang interes at walang buwanang bayad para sa termino na 30 taon, hangga’t ang mamimili ang nakatira sa bahay.
- Ang may kabahaging pagtaas ng pautang ay sinisiguro ng legal ng kasunduan. Ang makakapagpabalik sa muling pagbabayad ay ang pagbebenta, paglipat ng titulo, hindi awtorisadong pagtutustos, pagwawakas ng pagtira ng may-ari,, o pagpalya ng mamimili sa pagbayad ng janilang unang paglagak.
- Ang halaga ng muling pagbabayad ay ang buong halaga kasama ang katumabas na bahagi ng anumang pagtaas ng halaga ng bahay.
 - o Halimbawa: ang isang mamimili ay nakakuha ng 15% ng AC Boost na pautang para presyo ng bahay na nabili ay kailangang bayarin ulit ang buong halaga ng pautang kasama ang 15% ng anumang pagtaas sa halaga ng bahay.



acboost.org
(510) 500-8840
acboost@hellohousing.org



Mangyaring tumawag sa (510) 500-8840 o mag-email sa acboost@hellohousing.org para sa pagtulon sa wika. Ang AC Boost ay pinondohan sa pamamagitan ng Panukalang A1 Affordable Housing Bond Funds at pinangangasiwaan ng nonprofit organization Hello Housing sa ngalan ng County ng Alameda.

Ang County ng Alameda at Hello Housing ay hindi nagpapakita ng diskriminasyon laban sa sinumang tao batay sa lahi, kulay, relihiyon, bansang pinagmulan, lipi, kasarian, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, oryentasyong sekswal, katayuan sa pag-aasawa, katayuan sa pamilya, pinagmumulan ng kita, genetic information, medikal na kalagayan, pisikal na kapansanan o kapansanan sa isip, o anumang iba pang kategorya na protektado ng batas.